# PARA MAIPAKITA ANG GAWAIN NG DIYOS

**A Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Rev. Fr. Francis Lucas, President
Catholic Media Network, CBCP
Marso 28, 2026




Pinagaling ni Hesus ang isang lalaking ipinanganak na bulag, pagpapatunay ng Kanyang banal na kapangyarihan, at pagkilala sa kaibahan ng pisikal na pagkabulag at espiritwal na pagkabulag ng mga taong ayaw maniwala (Juan 9:1-37). Ang kwento ay nagtuturo sa atin na ang pagdurusa ay isang pagkakataon para maipakita ang mga gawa ng Diyos, na hindi resulta ng kasalanan. Kaya, tulad ni Hesus, kaya nating tumulong sa pagpapagaling ng espiritwal na pagkabulag ng mga taong kailangang mailigtas.

**1. Ano ang mga unang kasalanan na nagawa na pinagmulan ng espiritwal na pagkabulag ng sangkatauhan?**

1.1 <u>Kayabangan at Pagsuway</u>. Pakiramdam ni Lucifer siya ang pinakamahusay, humantong sa kanyang pagsuway at pagtataksil sa Diyos dahil gusto niyang matulad sa Diyos.

1.2 <u>Kasinungalingan</u>. Nagsinungaling ang ahas kay Eba, na pinagmulan ng mga bagay na hindi maganda sa sangkatauhan. Tayong lahat ay itinuturing na sinungaling.

**2.Ano ang sanhi ng espiritwal na pagkabulag?**

Noong pinagaling ni Hesus ang lalaki, kumilos siya mula sa kadiliman tungo sa liwanag, pag-angkin hindi lamang pisikal na paningin, kundi espiritwal na paningin. Samantala, ang mga Pariseo, na nagsasabing nakakikita, ay itinuturing na bulag sa espiritwal dahil sa kanilang kawalan ng pananalig. Kadalasan, itinuturing tayong espiritwal na bulag tulad ng mga Pariseo:

2.1. Kulang tayo sa moral ascendancy para makagawa ng tama, at

2.2. Kapag nadaig tayo ng sariling emosyon, at bigo tayong gamitin ang mapanuring pag-iisip pagdating sa moralidad.

**3.Paano natin tinutulungan ang mga taong espiritwal na bulag?**

Ipinapakita ng research sa mga 1.2 bilyong tao sa buong mundo ngayon ay walang kaugnayan sa alinmang relihiyon. Ang iba ay parang may pananalig ngunit hindi kailanman isinabuhay ang kanilang pananampalataya. Ngayon, maraming tao ang gustong maligtas.

3.1 Dapat aware tayo na may ibat-ibang emosyon ang mga tao, na mahirap i-manage. Hindi tayo dapat magbigay ng payo na hindi natin muna nauunawaan ang kanilang sitwasyon. Noong pagalingin ni Hesus ang lalaking bulag, naunawaan Niya kung ano ang naramdaman ng lalaki; ang kadiliman sa kaluluwa at katawan na sanhi ng kanyang pagkabulag.

3.2 Ang mga taong sumasailalim sa kahirapan ng buhay ay nagtatanong sa Diyos. Hindi nila napagtanto na pinayagan ng Diyos na mangyari ang mga ito para ma-realize nila na galing ang lahat-lahat sa Kanya. Paraan Niya ang mga ito upang magising tayo sa ating espiritwal na pagkakahimbing, Siya bilang ating liwanag. Minsan nabubulag tayo sa mga nangyayari sa ating buhay at sa mundo ngayon. Ngunit nakikibaka tayo na maging higit na mabuti kaysa sa dati, naliwanagan tayo ng ating pananalig at pag-ibig ng Diyos.

**Konklusyon:**

Dapat may pakialam tayo sa nangyayari sa ating pamilya, sa simbahan at sa mundo. Kailangan natin ng mga taong may pananalig at nais tumulong mapawi ang pagkabulag ng mga taong naghahanap ng kaligtasan ngunit hindi alam kung paano. Bukod sa mga preachers, mahalagang mayroon tayong role model na tutularan. Kaya nga, ipakita natin ang ating liwanag sa iba, para makita nila ang mabubuting gawa natin at mapapurihan ang Diyos (Mt. 5:16).

**Pagninilay**:

1. Ano ang iyong pagkabulag sa pagpapahayag ng iyong pagmamahal? Sa pagpapahayag mo ng iyong nararamdaman?
2. Handa ka bang maglaan ng iyong oras at resources para makatulong sa mga itinuturing na bulag sa espiritwal?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis.Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Sis. Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #SpiritwalnaPagkabulag #Pagkabulag